Maaring makatanggap ng「KODOMO.KOSODATE OUEN KIN mula sa AOMORI PREFECTURE」!!!

Upang mabawasan ang pinansiyal na pasanin ng mga pamilyang nagpapalaki ng mga anak, bilang isang panukala laban sa tumataas na presyo, ang Aomori Prefecture ay magbibigay ng suporta na 30,000yen sa bawat bata.

Mangyaring tandaan na may mga taong kailangan at di na kailangan ng mag-aplay.

◆ SUBJECT:「ANG MAKAKATANGGAP ng 「OUEN KIN」

Mga sambahayan na may mga anak sa edad na 0 hanggang 18 na naninirahan sa Aomori Prefecture sa oras ng aplikasyon

＊ Mga batang ipinanganak sa pagitan ng ika-2 ng Abril,2005 hanggang ika-29 ng Pebrero,2024

◆ HALAGA:

30,000 yen sa bawat bata

◆ APLIKANTE:

Mga tagapag-alaga ng bata na nasa parehong sambahayan

◆PAANO ANG APLIKASYON:

○Ang mga sambahayan na may mga anak sa pagitan ng edad na 16 at 18, at mga sambahayan na manganganak hanggang ika-29 ng Pebrero,2024 ay nararapat mag-aplay.

DALAWANG URI NG APLIKASYON＊:

（1）Mag-aplay dito para sa web application form (LINK sa ibaba)

https://reg34.smp.ne.jp/regist/is?SMPFORM=qfla-mbnema-58626b5dae82a186eec18de8f512b6d1

（2）Mag-aplay sa pamamagitan ng application form

Mag-click dito para sa application form (LINK sa ibaba)

https://aomori.kosodate-oen.jp/

＊ Mga sambahayan na hindi na kailangang mag-aplay

Ang mga sambahayan na may mga anak mula sa edad 0 hanggang 15 na tumatanggap ng child allowance mula sa munisipyo ay di na kinakailangan

mag-aplay.

Awtomatiko na ililipat ang pera sa inyong child allowance transfer account, mula ika-22 ng Nobyembre hanggang unang bahagi ng Enero
(May Kaibahan depende sa Munisipyo)

◆ Kinakailangang dokumento para sa pag-aaplay

① Pagkakakumpirmahan ng Account
→ Kopya ng Bankbook o Cash Card

② Mga pagkakakumpirmahan ng pagkakakilanlan ng Aplikante
→ Residence card, Pasaporte, My number card(yung may larawan), Driver`s License, Health insurance, atbp.

③ Katunayan na nagpapalaki ka ng isang bata na karapat-dapat para sa mga benepisyo
→ Kopya ng health insurance card ng bata, resident record, atbp.

＊ Kung maga-aplay online, mangyaring kunan ng larawan ang mga dokumentong isusumite at ipadala ito.

◆ Panahon ng pagtanggap ng aplikasyon

Mula ika-27 ng Nobyembre, 2023 hanggang ika-15 ng Marso, 2024

Kung mayroon anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Aomori Prefecture Foreign Resident Consultation Desk (LINK sa ibaba)
https://www.kokusai-koryu.jp/panawagan-para-sa-mga-dayuhan-na-naninirahan-dito-sa-aomori/

Mangyaring basahin para sa ibang Detalye.
Tanggapan ng Aomori Prefectural「AOMORI KEN KODOMO.KOSODATE SETAI OUEN KIN」
https://aomori.kosodate-oen.jp/